NANCY BARGMANN
*DIREKTOR*

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao
**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad**
**(Department of Developmental Services)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
*GOBERNADOR*

Abril 22, 2024

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER.
PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: INI-UPDATE NA MGA KINAKAILANGAN SA BILLING PARA SA MGA PANININGIL NG MGA SERBISYO SA "IBA PANG RATE"

Layunin ng sulat na ito ang magbigay ng karagdagang patnubay sa mga regional center tungkol sa Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services, FMS) at ini-update na mga kinakailangan sa billing para sa mga serbisyo, gaya ng inilarawan sa direktiba ng Department of Developmental Services (Kagawaran) noong Disyembre 26, 2023. Para sa mga Provider ng Self-Determination Program (SDP) na naniningil nang iba kaysa sa kada oras o kada araw na rate, pinapalitan ng mga kinakailangan sa ibaba ang mga kinakailangan na tinukoy sa nakaraang direktiba. Inilalabas ang patnubay na ito alinsunod sa Seksyon 4685.8(p)(2) ng Welfare and Institutions Code na nagpapahintulot sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) na maglabas ng mga direktiba ng programa o katulad na mga tagubilin hanggang sa mapagtibay ang mga regulasyon.

Ang direktiba na ito ay hindi nalalapat sa pagsingil ng mga Provider ng SDP sa kada oras o kada araw na rate. Ang mga kinakailangan sa billing na ito ay hindi nalalapat sa mga lokal na negosyo at mapagkukunan ng komunidad o mga vendor ng regional center na nagbibigay ng mga serbisyo alinsunod sa disenyo ng kanilang programa, gaya ng tinukoy sa direktiba noong Disyembre 26, 2023, at gaya ng nakasaad sa Kalakip A.

Ang mga kalahok sa SDP at mga Provider ng SDP ay maaaring sumang-ayon sa mga serbisyong hindi sinisingil nang kada oras o kada araw. Ang gastos sa mga serbisyo ay maaaring hindi hihigit sa buwanang rate. Ang mga invoice na isinumite ng isang Provider ng SDP ay dapat kasama, nang hindi bababa sa mga sumusunod na sumusuportang impormasyon:

- Rate na sinisingil ng Provider ng SDP;
- Code ng Serbisyo ng SDP;
- Paglalarawan sa mga partikular na serbisyo/gawain na ipinagkaloob;
- Ang haba ng oras na ginugol sa bawat serbisyo/gawain na ipinagkaloob ng provider ng SDP na partikular sa kalahok ng SDP para sa panahon ng invoice;
- Petsa kung kailan ipinagkaloob ang mga serbisyo/gawain;
- Isang pahayag na ang lahat ng serbisyong nakasaad sa invoice ay ipinagkaloob sa kalahok.

Dagdag pa rito, ang kalahok sa SDP at Provider ng SDP ay dapat bumuo ng isang kasunduan sa serbisyo. Dapat kasama sa kasunduan sa serbisyong ito ang hindi bababa sa mga sumusunod na impormasyon at dapat mai-update taun-taon:

- Impormasyon ng kalahok;
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng provider ng serbisyo;
- Petsa ng pagsisimula at petsa ng pagtatapos kung naaangkop, ng kasunduan sa serbisyo;

- Paglalarawan ng mga aktwal na serbisyong ipagkakaloob at mga kaukulang code ng serbisyo ng SDP;
- Dalas ng mga serbisyo;
- Rate/unit ng mga serbisyo;
- Mga responsibilidad ng kalahok at provider;
- Patakaran sa pagwawakas ng mga serbisyo;
- Pirma ng kalahok at provider; at,
- Isang pahayag na nagpapatunay na ang lahat ng bayad na ibinigay para sa mga serbisyo sa kasunduang ito ay tatanggapin bilang buong kabayaran.

Ang nakumpletong kasunduan sa serbisyo, at anumang mga pagbabago sa kasunduan, ay dapat isumite sa provider ng FMS ng kalahok sa SDP para sa pagpapatunay na kasama ang mga elemento sa itaas. Kung may natukoy ng isang FMS ang mga serbisyo sa kasunduan na hindi naaayon sa mga pinapahintulutang serbisyo sa SDP, aabisuhan ng FMS ang regional center at magtatakda ng isang pagpupulong ng team sa pagpaplano.

Ang pagsingil ng mga Provider ng SDP sa ibang rate kaysa sa kada oras o kada araw na rate ay dapat mag-invoice bilang pagsunod sa ini-update na mga kinakailangan sa billing na tinukoy sa direktiba na ito para sa mga serbisyong ipinagkaloob pagkatapos ng Hunyo 30, 2024.

Kung ang mga kalahok at/o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa sulat na ito, dapat silang makipag-ugnayan sa regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:*

BRIAN WINFIELD
Chief Deputy Director

Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad